# SELECTED BIBLIOGRAPHY OF LITERARY WORKS, 2021

COMPILED BY
**MICHAEL ANGELO V. SANTOS**
**EUBERT LENNARD O. TORRELIZA**

# A

Abiva, Rene Boy. *Parmata*. PANTAS Publishing, 2021 [Prosa/Dagli/ Maikling Kuwento] Sa proyektong ito ni Abiva, dadalhin tayo ng kaniyang panitik sa sitwasyon ng mga ordinaryong tao na biktima ng mga nagsasalungat na kapangyarihan sa lipunan. Ang mga mala-prosang dagli-maikling kuwentong ito ay isang tapik sa balikat na magpapagising sa ating kamalayan upang muling maging mapanuri sa kasalukuyang sitwasyong panlipunan.

Acuña, Tilde. *Oroboro at Iba Pang Abiso.* University of the Philippines Press, 2020 [Fiction] Isang pitik sa kamalayan itong mga naratibo ni Acuña na politikal at tiyak na gigising sa iyong kamalayan na nahirati.

Alegre, Edilberto N. *Biyaheng Pinoy: A Mindanao Travelogue.* Bughaw, 2020 [Sanaysay] Sa pagbiyahe ni Alegre patungong Mindanao, ini-aangkas niya tayo sa mga sanaysay ng pagmumu-muni at pagtuklas. Inihayag niya ang kaniyang danas sa loob ng 36 na sanaysay na masinop na isinulat upang iparamdam sa atin na bahagi o kasakay tayo sa biyaheng ito. Pinatutunayan ng mga sanaysay na ito na upang lubusang maunawaan ang kultura ng isang lugar, mahalaga ang personal na pakikipamuhay dito.

Almero, Jov Ortua. *Isang Dekadang Resty*. University of the Philippines Press, 2021. [NOVEL] Sa nobelang ito ikukuwento sa atin ang isang dekada ng buhay ni Resty. Mula anim na taong gulang hanggang sa pagtungtong sa edad na labing-anim. Hindi lamang basta kuwento kundi mga naratibo ng pagkamulat, pakikipagsapalaran sa lipunan.

Angeles, Mark. *Ang Huling Emotero*. University of the Philippines Press, 2021. [FLASH FICTION] Sa loob ng 144 na dagli na may tig-100 salita, ilalahad ng librong Ang Huling Emotero ni Angeles ang mga naratibo mula sa mga epiko-kuwentong bayan, patungo sa mga kuwento ng madugong drugwar. Tatangkain din ng librong ito na ugatin ang pinagmulan ng dagli sa pamamagitan ng paghalungkat muli sa pahina ng panitikan upang mabigyang kasagutan ang mga bagay sa likod ng pag-usbong ng pormang ito. Bagaman maikli at

may 100 salita lamang ang mga dagling ito, taglay pa rin ng mga ito ang mga mensahe at komentaryo na maaaring maging ambag para sa panlipunang pagbabago.

Asenjo, Genevieve L. *Indi Natun Kinahanglan Kang Duro Nga Tinaga Sa Atun Tunga*. University of the Philippines Press, 2021. [POETRY] Narito ang koleksyon ng mga tula ni Asenjo sa Kinaray-a at Filipino na Indi Natun Kinahanglan Kang Duro Nga Tinaga Sa Atun Tunga. Ito ay pangatlong koleksiyon niya ng mga tula. "Hindi natin kailangan ng maraming salita" gaya ng banggit ni Asenjo, hindi lamang haplos, amoy, lasa, bagkus pati iba pang pandama ang nais paganahin/ iparamdam nitong mga tula.

Asenjo, Genevieve L. *Ang Itim Na Orkidyas Ng Isla Boracay: Mga Kuwento*. University of the Philippines Press, 2021. [FICTION] Sa librong ito ni Asenjo, ihahayag sa atin ang iba't ibang kuwento ng pagpapantasya at pagharap sa realidad ng buhay. Gaya ng kuwento ni Gingging na nagangarap na pakasalan ng kaniyang Koreanong Boyfriend. Narito ang boses ng mga babae na nakikipagsapalaran sa sariling bayan at ibang bansa sa pag-aasam ng ginhawa.

# B

Babaran, Riza G. *Tinagong Dagat: Kuwento Ng Mga Batang Mangingisda*. University of the Philippines Press, 2021. [FICTION] Iniluwal ng karanasan sa pakikipamuhay sa kostal na komunidad ng mga mangingisda ang sampung kuwento ng mga batang mangingisda. Tampok dito ang danas at pakikipagsapalaran ng mga batang mangingisda na sumasalungat sa alon at patuloy na nangangarap.

Baquiran, Romulo P. *Aishite imasu: Mga Dagling Sanaysay Sa Danas-Japan*. University of the Philippines Press, 2021. [FLASH FICTION] Lulan ng mga sanaysay na ito ang danas ng isang biyaherong Filipino sa Japan. Kuwento rin ito ng mga kababayang Pinoy na piniling makipagsapalaran sa bansa ng mga Hapon upang hanapin ang suwerte na siyang mag-aahon sa pamilyang naiwan sa Pilipinas.

Barrretto-Tesoro, Grace. *The Ruins of Pinagbayanan: A Photo-Essay on the Archaeology of a Late Nineteenth-Century Philippine Town*. University of the Philippines Press, 2021. [NONFICTION] Masisilip sa librong ito ang kasaysayan sa pamamagitan ng mga larawan at sanaysay

ng excavation site sa Pinagbayanan, Batangas. Ipinakita ang mga konstruksyon gaya ng simbahan at mga bahay mula pa noong panahon ng mga Kastila.

Boccaccio, Giovanni, Pagsasalin ni Virgilio S. Almario. *Dekameron*. Ateneo De Manila University Press, 2021 [Novel Translation] Ang pagiging matatas sa wikang Filipino ni Almario ang siyang muling nagbigay buhay sa klasikong akda ni Boccaccio na Dekameron. Mababasang muli kung paano namuhay ang mga tao noong pleyg o salot na masasabing naangkop sa danas ng mga Pilipino sa panahon ngayon.

Breis, Niles Jordan. *Tabaco: Tatlong Sanaysay*. Savage Mind Bookshop, 2021. [NONFICTION] Ito ang mga sanaysay ng isang manunulat mula sa Bikol na ipinakita ang kasaysayan ng pangalang Tabako. Makikita sa pabalat ng libro ang pininta ni Reni Guido na "Salome with the Head of Saint John the Baptist" na isang depiksyon ng paghihigante sa eleganteng pamamaraan, gaya ng mga akdang nakapaloob sa librong ito.

# C

Carreon, Shane. *In Praise of Wilderness*. University of the Philippines Press, 2021. [POETRY] Ito ang mga koleksiyon ng tula ng isang makatang Sebwana na nagbibigay pansin sa taas at baba habang nasa espasyo ng gitna.

Cimatu, Franklin. *Birdcatching in Sagada and Other Poems* (The Philippine Writers Series). The University of the Philippines Press, 2021. [POETRY] Ito ang mga koleksiyon ng tula ng dating journalist na si Cimatu na ang pinapaksa ay ang kanyang mga naranansan sa Norteng bahagi ng bansa. Personal din ang mga tula na nasa porma ng kumbensiyonal na panulaan.

Cruz, Jhoanna Lyn B. *Tingle: Anthology of Pinay Lesbian Writing*. Anvil Publishing, 2021. [FICTION]Ito ang antolohiya ng mga kuwentong pumapaksa sa pagiging lesbiyana. May paglalaro sa salitang tinggil at tingle na magpapakiliti sa mga kuwentong mababasa.

# D

Peña Rodrigo Dela. *Tangere*. University of the Philippines Press, 2021. [POETRY] Binibigyan ng panibagong bihis ni Dela Peña ang

mga naisulat ni Jose Rizal sa kaniyang bagong aklat na Tangere. Binubuksan nito ang posibilidad ng iba pang kayang ipakita ng pagtula sa kasulukuyan. Wari bawat tula ay tumutumbas sa bawat kabanata ng akda ni Rizal. At muling binubuhay ang karakter nila Sisa, Maria Clara, at marami pa.

Derain, Allan. *Aswanglaut*. Ateneo De Manila University Press, 2021. [NOVEL] Gaya ng naunang mga nobela ni Derain, sa nobelang Aswanglaut ay papalaot tayo sa mga kuwentong bayan na humubog sa ating kultura. Dadalhin tayo sa panahon ng unang aswang o kung matatawag ba siyang alamat ng aswang pagkat simula't sapul ay aswang nang isinilang ang karakter ni Luklak.

*Dx Machina: Literature in the Time of COVID-19.* Sa panahon ng pandemya at pagkabalisa, ibinabaling ng ilan ang atensyon sa pagsulat dahil kailangan itala ang mga kaganapan sa kasalukuyan. Kaya't laman ng dalawang aklat na Dx Machina ang mga akda na natipon na resulta ng mga pagmumuni ng manunulat sa panhon ng pandemya, pagkabalisa, inhustisya, at iba pang danas ng mga Filipino sa panahon ng COVID-19.

# E

Everard, Patrick. *Snakes in the Grass*. University of the Philippines Press, 2021. [NOVEL] Ihahayag ng nobelang ito ang buhay sa loob at labas ng malakanyang sa panahon ng diktaduryang Marcos. Susubaybayan ang kuwento ng kapalaran ng batang si Saduj at ang kaniyang pakikipagsapalaran sa panahon ng dahas at kawalang hustisya sa panahon ng diktador.

# G

Gliori, Debi. *Sa Gabi*. Adarna House, 2021. [CHILDREN'S STORYBOOK] Ito ay kuwento ng pakikipagbuno ng isang bata sa dragon na tila bangungot na humahabol sa kaniya sa bawat araw. Masasalamin dito ang pinagdadaanan ng isang bata upang paglabanan ang depresyon na nararanasan sa murang edad.

# I

Isla, Veronica L. *The Face of Urban Poverty in the Cinema of Brocka*. University of the Philippines Press, 2020. [CRITICISM] Masasalamin sa mga pelikula ni Brocka ang kahirapan at sitwasyong panlipunan partikular sa maingay at masikip ng mundo ng siyudad. Gaya ng kalagayan ng mga urban poor sa Maynila: Sa mga Kuko ng Liwanag at iba pang mga pelikula, nagsilbi itong pangmulat sa mga tao sa realidad ng panahong iyon maging sa kasalukuyan. Sa pangkalahatan, susuriin ng librong ito kung ano pa ang mga posibilidad na maaaring ibigay ng mga obrang ito ni Brocka sa kasalukuyan.

# L

*Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, vol. 14, University of the Philippines Press, 2021. [LITERARY JOURNAL] Ito ang ika-14 na bolyum ng Likhaan, dyornal ng kontemporaneong literatura sa Pilipinas. Lalamanin nito ang mga bago at hindi pa naililimbag na mga akda sa Filipino at Ingles.

# M

Macansantos, Priscilla Supnet. *Departures: Essays.* University of the Philippines Press, 2021. [NONFICTION] Ito ang mga sanaysay ni Macansantos na pumapaksa sa mga iba't ibang uri ng paglisan sa kanyang buhay. Mababasa rito kung paano naganap ang paglisan sa bawat panahong kinabibilangan niya nang isulat ang mga ito.

Morales, Maria Virginia Yap. *Ascending the Fourth Mountain: A Personal Account of the Marcos Years.* BUGHAW, an Imprint of Ateneo De Manila University Press, 2021. [BIOGRAPHY] Ito ay mga makatotohanang tala ni Morales tungkol sa mga di-makataong trato at pang-aabuso sa panahon ng Martial Law. Ipinakikita sa atin ang lente ng mismong manunulat kung ano ba ang mga hindi nakikita sa panahong ito.

*My Mother Is More than a Comfort Woman*. Gantala Press, 2021. [STORYBOOK] Tinipon sa aklat na ito ang mga salaysay ng mga kababaihang naging biktima ng malagim na pananakop ng bansang Japan sa bansa. Lalamanin nito ang mga kuwento at

pagbabalik tanaw sa paghihirap ng mga kababaihang inabuso ng mga mananakop.

# N

Neri, Bernadette Villanueva. *Ang Misteryo ng Patong-Patong na Damit ni Hulyan.* National Council of Churches in the Philippines, 2021. [CHILDREN'S STORYBOOK] Ang aklat na *Ang Misteryo ng Patong-Patong na Damit ni Hulyan* ay mula sa panulat ni Bernadette Neri na author ng *Ang Ikaklit sa Aming Hardin*. Sa librong ito ay tatalakayin ang isa sa mga sensitibong usapin na hindi kalimitang tinatalakay, ang onlayn na abuso at sekswal na eksploytasyon sa mga bata.

# S

*SALOOBIN: Mga Akda ng/para sa Kababaihang Bilanggong Pulitikal*. Gantala Press, 2021. [FICTION] Ang SAALOOBIN: Mga akda ng/para sa Kababaihang Bilanggong Pulitikal ay mga koleksiyon ng likhang sining, awit, tula, at mga sanaysay mula sa danas ng mga kababaihang bilanggong pulitikal.

Sanchez, Anna Felicia C. *Pics or It Didn't Happen and Actual Stories.* The University of the Philippines Press, 2020. [SHORT STORIES] Ito ang mga tula na nagpapakita ng mga pangyayari sa pagtama ng bagyong Haiyan sa Tacloban. Ground Z bilang paglalaro sa terminong ito na ang lugar na binagsakan ng hagupit ng bagyo sa itsura ng lugar na pinapaksa.

# T

Tadiar, Carlo. *Kolboy: Denial, Disgust, and the Production of Value in Male Sex Work in the Philippines*. The University of the Philippines Press, 2021. [SOCIAL SCIENCE] Ano ba talaga ang kolboy? Kailan ito nagsimula? Sino sila at ano ang kanilang ginagawa? Ito ay isang libro ni Tadiar na dinidiskurso kung ano ba ang mga alam at mga hindi alam na dapat malaman sa mundo ng ganitong espasyo.

*Tomas: The Journal of The UST Center for Creative Writing and Literary Students*, vol. 3, no. 2, 2020. [LITERARY JOURNAL] Ito ay ang literary diyornal ng UST na nagpapamalas ng mga akda ng mga manunulat, baguhan

man o sanay na sa larangan ng pagsulat. Nakasulat ang mga ito sa wikang Ingles at Filipino at may pagsasalin din.

Topacio - Aplaon, RM. *Topograpiya ng Lumbay: IMUS NOVEL 6*. University of the Philippines Press, 2020. [NOVEL] Ito ay nobela ng isang manunulat sa Cavite kung saan dadalhin tayo sa espasyo ng tatlong tauhan: pulis, manunulat, at babae na may iba't ibang kalagayan.

Torres, Jose Victor Z. *Karugtong: Ilang Paglalaro sa Kathang-Isip ni Jose Rizal.* UST Publishing House, 2020. [PLAY] Sa ikalawang edisyon ng Karugtong ni Torres ay muling tignan ang nobela ni Dr. Jose Rizal na El Filibusterismo sa kakaibang pamamaraan. Sasagutin ng mga dulang ito ang mga "paano kung" na mababasa sa librong ito.

## W

*WILDFIRE: Filipina Lesbian Writings.* Gantala Press, 2021. [FICTION] Gaya ng pamagat, ang mga sulating lesbyana sa librong ito ng Gantala Press ay parang apoy sa kagubatan, ligaw at mabilis kumalat. Mababasa rito ang mga danas ng mga lesbyana sa iba't ibang espasyo gaya ng sa pamilya, nakakasama, at sa sarili.